University of Bohol Advancing Filipino Research Journal Volume 1 • April 2024
DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.197

# Kabutihang Naidulot at Suliraning Natamo sa Paggamit ng Social Media ng mga Mag-aaral Sa Filipino 8, Ikatlong Distrito ng Ubay, Bohol

**JIVELYN A. BETOS**
Department of Education, San Pascual National Agricultural High School, San Pascual, Ubay, Bohol

***Corresponding Author: jivebetz@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: October 20, 2023
Revised: December 15, 2023
Accepted: February 1, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— Morpolohiya, intaks, Morposintaksis, Panlapi, Pandiwa

Sa modernong panahon, maraming kabataan ang nahuhumaling sa iba't ibang uri ng social media tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram. Bilang guro, ninais ng mananaliksik na masuri ang mga kabutihan at suliraning dulot ng paggamit ng social media sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang sa Filipino sa Distrito ng Ubay. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang disenyo ng kwantitatibong pananaliksik, na may 185 na mga respondente mula sa limang mataas na paaralan sa Ikatlong Distrito ng Ubay para sa taong panuruan 2022–2023. Natukoy sa tulong ng weighted mean na nasa katamtamang antas ang paggamit ng social media ng mga mag-aaral. Ayon sa mga resulta, positibong nakakatulong ang social media sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa sa mga aralin. Gayunpaman, may mga suliraning dulot ang madalas na paggamit nito, tulad ng pagkadistrak mula sa pag-aaral at pagbaba ng atensyon. Sa pagsusuri gamit ang Spearman's rho at chi-square, natukoy na may makabuluhang kaugnayan ang kasarian sa paraan ng paggamit ng social media, samantalang walang kaugnayan ang edad sa kabutihang naidudulot at mga suliraning natamo mula rito. Bukod dito, natuklasan sa t-test na may

© Jivelyn A. Betos (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

kaibahan sa kasarian sa paraan ng paggamit ng social media, kung saan mas madalas ang mga lalaki na gumamit nito para sa libangan kaysa sa pagkatuto. Samantalang pareho ang antas ng kabutihang naidudulot at mga suliraning nararanasan sa paggamit ng social media ng parehong kasarian. Ipinapakita ng pag-aaral na ang paggamit ng social media ay may potensyal sa pagpapabuti ng kasanayan sa asignaturang Filipino kung gagamitin ito nang maayos. Ang pag-aaral na ito ay nagmumungkahi ng mas matalinong pagpapasya sa paggamit ng social media, na maaaring maging instrumento sa mas mahusay na pagkatuto. Ipinapayo rin ang mga estratehiya upang mas epektibong magamit ang social media sa mga gawaing pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

## INTRODUKSYON

Tunay na kahanga-hanga ang wikang Filipino sapagkat ito ay nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang Pilipino. Ito ay itinuturo bilang isang asignatura mula sa pinakaunang baitang sa elementarya hanggang sa kolehiyo. Bilang isang mamamayang Pilipino, nararapat lamang na matuto sa wikang pambansa sapagkat dito nagsisimula ang pagkikilala at pagpapalawig sa pagmamahal sa bansa. Sa paaralan, lalong matutunan ng mga mag-aaral ang wastong gramatika at mapabuti ang pag-unawa sa mga pambansang literatura sa tulong ng mga guro. Sa pamamagitan ng gramatika napabuti ng mga mag-aaral ang paggamit ng wika, pangunahin sa nakasulat na bahagi (spelling) hanggang sa kaalaman ng estruktura ng mga pangungusap (syntax). Masasabing isang sukatan ng masining na pahayag ang pamimili ng angkop na pananalita sa loob ng bawat pangungusap. Ang pagkakaugnay ng tamang balarila at piling mga salita ay magdudulot ng hindi karaniwang anyo ng mensaheng nais ipaabot sa sinumang mambabasa. Ang saklaw ng balarila ay ang tamang pag-aaral ng anyo at uri ng mga salita; tamang gamit ng mga salita at tamang pagkakaugnay ng mga salita sa isang pahayag upang makabuo ng malinaw na kaisipan o diwa.

Ang kawastuhan sa paggamit ng mga salita ay mahalaga at nakatutulong upang maging kaakit-akit, maayos, malinaw at mabisa ang pagpapahayag. Sa kabilang banda, mapalawak din ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng mga talasalitaan, kabilang na rin dito ang ganap na panghihiram sa mga wikang walang katumbas sa wikang Filipino. Itinuro rin ng mga guro sa kanila ang kahalagahan ng mga makrong kasanayan tulad ng pagsulat, pagbasa, pagsasalita, pakikinig at maging ang panonood. Matiyagang itinuro ng mga guro ang mga kasanayang ito sa paniniwalang ito ay napakahalagang pundasyon para sa kanilang pagkatuto. Ngunit sa kasalukuyan, hindi maikaila na ang lahat ng bagay ay nagbabago sa paglipas ng maraming panahon. Talagang hindi na mapigilan ang pagbabago ng mundo. Kaalinsabay nito, patuloy din tayong binago ng panahon. Sa

paglaganap ng teknolohiya sa modernong panahon, ang lahat ng mga bagong likha na nilikha ng tao ay inilipat sa iba't ibang bahagi ng mundo. Umusbong ang iba't ibang uri ng social media kung saan marami sa mga kabataang mag-aaral ngayon ang tumatangkilik nito bilang isang uri ng komunikasyon kaya hindi nakapagtataka ang mabilis na paglaganap ng impluwensya ng social media sa buhay ng mga Pilipino at maging sa buong mundo.

Sa modernong panahon ngayon, marami sa mga kabataan ang lalong nahuhumaling sa iba't ibang uri ng social media tulad ng facebook, twitter, Instagram, tumbler, snapchat at iba pa. Sinasabing sa iba't ibang uri ng social media, pinakakilala ang facebook kung saan ang gumagamit ay maaaring magpadala ng mensahe, mag-upload ng mga larawan o videos at makipag-chat o makipagtalastasan sa iba't ibang parte ng mundo. Hindi maipagkakaila na ito ay nagpabago sa kung paano tayo nakikipag-usap sa iba't ibang tao. Totoong malaking bahagi sa buhay ng mga tao ay natutulungan nito sa larangan ng komunikasyon at sa pamamagitan nito'y malayang naipahayag ng mga tao ang kanilang sariling pananaw at saloobin tungkol sa mga bagay-bagay sa paligid. Subalit sa paaralan ay itinuro ang kawastuang gamit ng mga salita na kung minsan ay naisawalang bahala na ng maraming mag-aaral dahil sa impluwensya ng laging paggamit ng social media. Sa pasulat na kasanayan, masyadong nadadala nila ang paggamit ng mga di-pormal na mga salita sapagkat nasasanay na silang gamitin ito sa "chat messaging" o mensaheng pa-chat. Sa pasalitang kasanayan naman ay hindi nila magamit nang tuwiran ang wikang Filipino sapagkat nasasanay silang magpahayag ng sariling pananaw gamit ang haluhalong wika.

Sa lalawigang Bohol, pinakagamiting uri ng social media ay ang facebook kung saan karaniwang laman dito ay gamit ang wikang Ingles, at Cebuano. Dahil sa kadalasang paggamit dito, hindi na nasasanay o nabibihasa ang karamihang mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino na siyang itinuro sa paaralan sa asignaturang Filipino bilang bahagi ng kurikulum. Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay umaasa na lang dito sa halip na mag-isip ng sariling ideya.

Batay sa pagmamasid at sa mismong karanasan ng mananaliksik, maraming mga mag-aaral sa Ikatlong Distrito ng Ubay ang nakikitaan ng kadalasang paggamit ng social media na nakasanayang gamitin. Bilang guro ng institusyon, ang mananaliksik ay nagnanais mabatid kung ano-ano ang kabutihan at mga suliraning natamo ng mga mag-aaral sa Filipino ng Ikawalong Baitang ng kabuuang Distrito ng Ubay sa kadalasang paggamit nila ng social media bilang batayan sa mungkahing kaparaanang pampagpapabuti.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang kwantitatibong disenyo upang suriin ang kaalaman at pananaw ng mga mag-aaral ng Ikawalong baitang sa Ikatlong Distrito ng Ubay tungkol sa mga benepisyo at suliranin ng paggamit

ng social media sa pamamagitan ng sarbey. Ang mga respondente ay 185 mag-aaral mula sa kabuuang populasyong 357, na kinabibilangan ng 102 lalaki at 83 babae. Isinagawa ang pilot-testing sa 5 mag-aaral na lalaki at 5 babae, at ginamit ang random sampling upang maiwasan ang bias.

Ang talatanungan ay binubuo ng sampung katanungan tungkol sa mga karaniwang ginagamit na social media (Facebook, Instagram, Twitter, Snapchat, at Tumblr) at ang kanilang propayl, kabilang ang edad at kasarian. Gamit ang Spearman's rho at chi-square, natuklasan na walang kaugnayan ang edad ng mga mag-aaral sa paggamit ng social media, ngunit may kaugnayan ang kasarian sa paggamit nito. Walang makabuluhang kaugnayan ang edad at kabutihang dulot ng social media, gayundin sa kasarian at suliranin mula sa paggamit nito.

Sa tulong ng Spearman's rho, natukoy na may makabuluhang kaugnayan sa paraan ng paggamit ng social media at mga benepisyo, pati na rin sa mga suliranin. Sa t-test, may kaibahan sa kasarian at paraan ng paggamit ng social media, ngunit walang kaibahan sa kasarian at kabutihang dulot nito, o sa suliranin na natamo mula sa paggamit ng social media.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ipinakikita dito na nangunguna sa dami ang mga mag-aaral na nasa 14 taong gulang na may 47.6% na sinusundan ng mga mag-aaral na nasa 13 taong gulang na nagkamit ng 42.7% at ipinakita naman sa huli na may kaunting mag-aaral sa ikawalong baitang na nasa gulang na 15 pataas na nagtamo ng 9.7% lamang, marahil ang mga kabataang ito ay mga balik-aral sanhi ng iba't ibang kadahilanan. Ipinakikita sa nakalap na mga datos na karamihan sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang ng Ikatlong Distrito ng Ubay ay nasa tamang edad na 13 at 14 , kombinasyon ng lalaki at babae.

Ipinakita rin sa datos na batay sa kasarian, nangunguna sa dami ang mga mag-aaral na lalaki na may 55.1% at ikalawa ang mga mag-aaral na babae na nagtamo ng 44.9% mula sa kabuuang populasyon ng mga tagatugon. Ipinakikita sa mga datos na mas maraming mag-aaral na lalaki kung ihahambing sa mga mag-aaral na babae ng ikawalong baitang ng Ikatlong Distrito ng Ubay.

Ang nabanggit na datos ay kabaligtaran sa ginawang pag-aaral ni De Guzman (2017) sa kaniyang Students Use of Social Media: It's Relationship to Academic Performance and Technology Ethics Decisions. Ang nasabing pag-aaral ay naglalahad na mas nangingibabaw ang mga mag-aaral na babae kaysa lalaki. Ang paggamit ng social media ay nasa katamtamang paglalarawan lamang din.

Batay sa pag-aaral, nangunguna sa pwesto ang aytem 1.1 "Facebook" na may weighted mean na 3.03 na nasa paglalarawang madalas. Ipinakikita rin sa datos na nasa kalagitnaang pwesto ang aytem 1.5 "Tiktok" gayundin ang aytem 4 " Sukatan ng iyong paniniwala na sapat ang iyong kakayahan sa paggamit ng alinmang uri ng social media" na may weighted mean na 2.50 na nasa

paglalarawang madalas. Ang aytem 1.4 "Twitter" ay nasa panghuling pwesto naman na nagtamo ng weighted mean na 1.29 na nasa paglalarawang hindi kailanman. Ang mga nakalap na datos ay nagtamo ng overall mean na 2.365 na nasa papapakahulugang katamtaman. Samakatwid, nasa katamtamang paraan lamang din ang karaniwang paggamit ng mga mag-aaral na kabilang sa pag-aaral na ito sa alinmang uring social media na karaniwang ginamit ng mga kabataan sa kasalukuyan.

Sa pag-aaral ni Perea (2018) sa kanyang Epekto ng Social Media sa Pag-aaral ng Senior High School GAS ng Alfonso National High School, natuklasan sa pananaliksik na kailangang limitahan ang paggamit ng social media sapagkat ito ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa buhay ng mga kabataan at sa mga gumagamit nito.

Ipinakikita rin na ang aytem 1 "Mas naging ganado o lalo akong nagkaroon ng interes sa aking pag-aaral dahil sa mga nabasa ko sa social media na nakatulong sa akin sa mga gawaing pasulat sa klase" bilang pinakamataas na pwesto na may 2.77 weighted mean at nasa paglalarawang madalas. Pangalawa naman ang aytem 6 "Natututo akong magsalingwika sa Filipino mula sa mga wikang kadalasang ginamit sa social media sa aming lugar." na may weighted mean na 2.72 na nasa paglalarawang madalas. Samantalang, nasa kalagitnaang pwesto naman ang aytem 4 "Lumawak pang lalo ang aking kaalaman sa asignaturang Filipino lalo na sa mga gawaing pasulat sa tulong ng social media" gayundin ang aytem 8 "Nakagagawa ako ng sariling sanaysay o iba pang mga akda nang hindi masyadong nahihirapan sa tulong ng social media" na nagtamo ng 2.64 weighted mean na nasa paglalarawan ding madalas. Nasa pinakamababang pwesto naman ang aytem 2 "Naipahahayag ko ang aking pananaw o saloobin sa pamamagitan ng pagbabahagi nito sa social media o pagpost nito" na may weighted mean na 2.28 na nasa paglalarawang paminsan-minsan.

Ang mga nakalap na datos ay mayroong 2.563 overall mean na nasa pagpapakahulugang mataas. Samakatwid, positibong malaki ang naitulong ng social media sa pagkatuto ng maraming mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Naipakita sa mga datos ang mataas na resulta ng mga kabutihang naidulot ng paggamit ng social media sa pagkatuto sa karamihang gawaing pampagkatuto sa asignaturang Filipino.

Ang resultang ito ay sumang-ayon sa isinagawang pag-aaral ni Villanueva (2020) sa paksang Ang Maganda at Masamang Dulot ng Social Media sa Mga Mag-aaral, batay rin sa datos na nakalap, natuklasang karamihang respondent sa pananaliksik ay higit na sumang-ayon na maraming magagandang idinulot ang social media sa mga mag-aaral.

Batay rin sa pag-aaral nina Magalona et al. (2021) sa paksang Epekto ng Social Media sa Paggamit ng Wika sa Mag-aaral ng Gulod Senior High School, bagaman maraming tulong ang naidudulot ng internet, mayroon pa rin itong naidududlot na hindi maganda. Madaling maiimpluwensiyahan ang kabataan dahil mas madalas ginugugol nila ang kanilang oras sa internet at sinasabing kung madaling maimpluwensyahan ng internet ang kilos ng

maraming kabataan, maaaring madaling maimpluwensyahan din ang paraan ng kanilang pakikipag-usap at paggamit ng mga pormal na salita.

Ipinakikita rin sa pag-aaral na ito na nangunguna sa pwesto ang aytem 17 "Dahil sa kadalasang paggamit ng social media, nasasanay ako sa paggamit ng mga pinaghaluhalong mga salita sa mga pasulat na gawain sa Filipino" na may weighted mean na 2.36 na nasa paglalarawang paminsan-minsan. Pangalawa naman sa pwesto ang aytem 16 "Umaasa ako sa social media sa pagsasaliksik ng mga kasagutan sa anumang takdang-araling sa Filipino" na may weighted mean na 2.35 at nasa paglalarawang paminsan-minsan din. Samantala, nasa kalagitnaang pwesto rin ang aytem 13 "Nagdadalawang isip ako sa pagbabahagi ng aking pananaw at saloobin sa social media gamit ang wikang Filipino", ang aytem 14 "Napaiikli ko ang mga salitang pormal sa wikang Filipino sa mga pasulat na gawain nang hindi ko namamalayan dahil sa karaniwang ito'y ginamit sa social media", at gayundin ang aytem 15 "Nahirapan akong gamitin sa tuwid na paraan ang wikang Filipino sa anumang pasulat at pasalitang gawain sa asignatura dahil nasasanay ako sa mga katutubo at hiram na wikang karaniwang ginamit sa social media" na pawang nagtamo ng 2.24 weighted mean na parehong nasa paglalarawang paminsan-minsan. Pinakahuli naman sa pwesto ng talahanayang ito ay ang aytem 12 "Hindi nahahasa ang aking kasanayan sa pasulat gayundin ang aking kritikal na pag-iisip dahil sa mga napupuna kong mali sa social media" na nagkamit ng weighted mean na 1.99 na nasa paglalarawang paminsan-minsan din.

Ang mga nakalap na datos ay mayroong overall mean na 2.213 na nabibilang sa pagpapakahulugang katamtaman. Pinatutunayan sa mga naipakitang datos sa bahaging ito na may katamtamang antas ng mga suliraning natamo ng karamihang mag-aaral sa kadalasang paggamit ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Marahil ito ay bunga ng kawalan ng tamang balanse o paraan ng paggamit ng social media at ang pagiging hindi sapat ng kakayahan sa paggamit nito para sa layuning mabisang pagkatuto.

Ang resultang ito ay sumang-ayon sa isinagawang pag-aaral ni Albay (2017), sa Epekto ng Modernisasyon ng Wikang Filipino sa Pag-aaral ng mga Senior High School sa Unibersidad Ng Pangasinan, natukoy na mahalagang parte ang ginagampanan ng modernisasyon sa pag-unlad at pagpapalaganap ng wikang Filipino. Natuklasang 72.6% ng mga respondente ay sumasangayon dito. Gayunman, 69.9% naman sa kanilang respondente ay naniniwala na dulot ng modernisasyon gaya ng social networking sites, text messaging, blogs at iba pa ay kabilang sa mga salik na nakaiimpluwensya sa pagkabaon sa limot ng mga katutubo o makalumang salita. Binago rin nito ang ating sariling wika, ito ay marahil sa iba't ibang uri ng pakikipagtalastasan gamit ang makabagong teknolohiya.

Lumabas din sa pag-aaral nina Marbella & Estera (2021), sa paksang tungkol sa Kultura at Wikang Filipino sa Mga Facebook Status Update na ang antas ng wika sa mga facebook status ay impormal. Ang kadalasang post na mababasa ay mga salitang karaniwan, palasak at pang- araw-araw na

madalas gamitin sa pakikipag- usap at pakikipagtalastasan sa mga kakikilala at kaibigan.

Ipinakikita ring gamit ang istatistikal tritment na spearman's rho, natutukoy ang kaugnayan ng edad ng mag-aaral at paraan ng paggamit ng social media na may 0.079 t-value at 0.283 p-value. Ito ay nagpapatunay na ang dalawang iniuugnay na baryabol ay walang makabuluhang kaugnayan kaya ang haypotesis sa bahaging ito ay katanggap-tanggap. Ang datos na ito ay nagpapatunay na walang bata o matanda sa paggamit ng social media. May mga bata na mas madalas gumamit ng social media kaysa mga matatanda lalo na sa kanilang pag-aaral. Maliban rin sa pag-aaral, may mga matatanda rin na kinahiligan ang paggamit ng social media bilang tulay ng kanilang negosyo o sadyang pag-aliw lang sa kanilang sarili sa panahong wala silang ibang mahalagang ginawa.

Ang resultang ito ay sumasalungat sa isinagawang pag-aaral ni Briones et. al. (2017) sa Epektong Teknolohiya sa Patuloy na Paghubog sa Ugali/ Personalidad ng Mga Kabataan Mula sa Senior Hayskul ng Immaculate Conception Academy, Dasmañas, natuklasan sa mga nakalap na datos na mas higit na marami ang mga kabataang gumagamit ng teknolohiya kaysa sa mga hindi o minsan lang gumagamit. Kadalasang ginagamit ng mga kabataan ang mga smartphones ngayon dahil madali lang itong dalhin at bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang social media account at sinasabing lubos na nakatutulong ito upang mapadali ang pang-araw-araw na pamumuhay.

Samantalang sa tulong din ng istatistikal tritment na chi-square, natuklasan din ang kaugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at ang paraan ng paggamit ng social media na may t-value na 9.420 at p-value na 0.020 na nangangahulugang may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay kaya ang haypotesis ng nasabing resulta ay hindi katanggap-tanggap. Ang datos na ito ay nagpapakita marahil na mas maraming mga kalalakihan ngayon ang mas madalas gumamit ng social media sa iba't ibang kadahilanan kung ihahambing natin sa mga kababaihan.

Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa isinasagawang pag-aaral ni Worku (2022) Tshwane School for Business and Society, 159 Nana Sita Street, Pretoria 0001, South Africa sa paksang Use of Social Media and Writing Skills. Pinakikita sa pag-aaral na ito ang mataas na bahagdan ng mga kalahok na talagang naaapektuhan ang kasanayang pasulat dahil sa labis na paggamit ng social media at karamihan sa kanila ay mga lalaki.

Sumang-ayon din ito sa pag-aaral ni Alnjadat et al. (2019) sa paksang Gender Variations on Social Media Usage and academic Performance Among Students of University of Sharjah. Pinakita sa pag-aaral na ito na mas nahuhumaling sa paggamit ng social media sa iba't ibang kadahilanan ang mga mag-aaral na lalaki kaysa mga babae subalit sa pagkatutong pang-akademiko naman, ang kakayahan ng mga mag-aaral na babae ay lalo naman nitong naiimpluwensyahan.

Ipinakikita ring gamit ang istatistikal tritment na spearman's rho,

natutukoy ang kaugnayan ng edad ng mag-aaral at kabutihang naidulot ng social media na may 0.054 t-value at 0.465 p-value. Ito ay nagpapatunay na ang dalawang iniuugnay na baryabol ay walang makabuluhang kaugnayan kaya ang haypotesis sa bahaging ito ay katanggap-tanggap. Samantalang sa tulong din ng istatistikal tritment na chi-square, natuklasan din ang kaugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at kabutihang naidulot ng social media na may t-value na 0.934 at p-value na 0.817 na nangangahulugang walang makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay kaya ang haypotesis ng nasabing resulta ay katanggap-tanggap din.

Ang nasabing datos ay kapwa nagpapatunay na walang kaugnayan ang kabutihang naidulot ng social media sa edad at kasarian ng mga mag-aaral. Bata man o matatanda, babae man o lalaki ay kapwa magtatamo ng mga kabutihang dulot ng social media kapag ito'y ginamit sa mabuting paraan.

Ito ay kasalungat sa isinagawang pag-aaral ni Reyes et. al (2018) sa kanilang The Functions of Language in Posting. Ipinakikita dito ang kahalagahan ng online social networking sa buhay ng karamihang Pilipino saang sulok man ng mundo. Natuklasan din sa pag-aaral na ito na ang mga Pilipinong nasa kalagitnaang gulang ay mas nakapagpapahayag sa kani-kanilang damdamin sa pamamagitan ng pag "post" nito sa facebook.

Samantala, ipinakikita ring gamit ang istatistikal tritment na spearman's rho, natutukoy ang kaugnayan ng edad ng mag-aaral at suliraning natamo sa kadalasang paggamit ng social media na may 0.095 t-value at 0.199 p-value. Ito ay nagpapatunay na ang dalawang iniuugnay na baryabol ay walang makabuluhang kaugnayan kaya ang haypotesis sa bahaging ito ay katanggap-tanggap. Samantalang sa tulong din ng istatistikal tritment na chi-square, natuklasan din ang kaugnayan ng kasarian ng mga mag-aaral at suliraning natamo sa kadalasang paggamit ng social media na may t-value na 2.239 at p-value na 0.542 na nangangahulugan pa ring walang makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay kaya ang haypotesis ng nasabing resulta ay katanggap-tanggap din.

Ang nasabing datos ay kapwa nagpapatunay na walang kaugnayan ang suliraning natamo sa kadalasang paggamit ng social media sa edad at kasarian ng mga mag-aaral. Bata man o matatanda, babae man o lalaki ay kapwa magtatamo ng mga suliranin sa paggamit ng social media kapag ito'y ginamit sa mali o hindi makabuluhang paraan.

Sa isinagawang pag-aaral ni Oguguo et al. (2020) sa paksang Influence of Social Media on Students' Academic Achievement. Ipinakikita rin dito ang impluwensyang dulot ng kadalasang paggamit ng social media sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa isang partikular na kurso sa kolehiyo.

Sa tulong ng instrumentong pang-istatistikal, natukoy ang halaga ng mga sinuring datos. Natuklasang may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay na may t-value na 0.582 at p-value na 0.000. Ang nabanggit na resulta ay nagpapatunay na ang haypotesis sa bahaging ito ay hindi katanggap-tanggap. Ang resultang ito ay nagsasabing ang paggamit ng

social media ay nakasalalay sa paraan at motibo ng isang tao sa paggamit nito. Kung ang motibo ng iyong paggamit ng social ay mabuti, ibig sabihin kahit araw-araw kang gumamit nito mabuti rin ang resultang hatid nito sa iyo. Ito ay sumang-ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Othman Amin et al. (2020) sa kanilang The Impact of Social Media in English Language Learning. Ito ay nagsasaad ng mga makabuluhang bagay na dulot ng paggamit ng social media. Pinapahayag dito ang kahalagahan nito sa larangan ng komunikasyon at pagkauunawaan ng mga tao sa pamamagitan ng wikang nakasanayang gamitin dito.

Naipakita rin ang naging resulta ng pagsusuri sa mga datos sa tulong ng spearman's rho. Natuklasang may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay na may t-value na 0.477 at p-value na 0.000. Ang nabanggit na resulta ay nagpapatunay na ang haypotesis sa bahaging ito ay hindi rin katanggap-tanggap batay sa lebel ng kabuluhan ng haypotesis na 0.05. Ang datos ay nagsasabing ang paggamit ng social media ay talagang nakasalalay sa paraan at motibo ng isang tao sa paggamit nito. Kung ginamit mo ang social media sa mali o hindi kaaya-ayang paraan kaya ganoong resulta rin ang dulot nito sa iyo. Sa mga mag-aaral, maaring kadalasang mahuhuli sa klase o kaya'y mahuhuli sa paggawa sa mga gawain dahil sa pagkahumaling nila sa paggamit ng social media.

Sa tulong pa rin ng spearman's rho, nasusuri at nabigyang-halaga ang mga datos na nakalap. Natuklasan ditong may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na iniuugnay na may t-value na 0.602 at p-value na 0.000. Batay sa lebel ng halaga ng haypotesis na 0.05, pinatutunayan na ang nabanggit na resulta ng pagsusuri ay hindi katanggap-tanggap. Ito ay nagpapatunay na nakadepende sa isang tao o mag-aaral ang paggamit ng social media. Ang kabutihan at suliraning dulot nito ay nakasalalay kung papaano ginamit ang social media. Ang mga mga mag-aaral na may magandang layunin sa paggamit ng social media ay karaniwang napalawak ang mga kaisipan sa mga mahalagang bagay at karaniwang aktibo sa mga gawain sa klase. Ang mga mag-aaral naman na mas inuuna ang paggamit ng social media kaysa pag-aaral at paggawa sa mga gawain sa klase ay karaniwang nagtamo rin ng suliranin sa pag-aaral gaya ng pagbaba ng kanilang marka.

Ang nasabing resulta ay nakaugnay sa pag-aaral na isinagawa ni Barton et al. (2021) sa kanilang The Effects of Social Media Usage on Attention, Motivation, and Academic Performance. Ipinakikita dito ang epekto ng paggamit ng social media sa atensyon, motibasyon at pang-akademikong kakayahan ng maraming mag-aaral. Ipinakikitang may mga hindi kaaya-ayang epektong natamo ng kakayahang pang-akademiko kung saan ang mga mag-aaral na natuklasang may mababang antas o lebel sa paggamit ng social media ay karaniwang may matataas na markang naiulat sa kanilang pag-aar al.

Ipinakikita rin ang dalawang baryabol na pinaghahambing, kasarian at paraan ng paggamit ng social media na may t-value na 2.532 at p-value na

0.012. Batay sa lebel ng halaga ng haypotesis na 0.05, ang resulta ng nasabing datos ay nagpapakita na may kaibahang napuna ang dalawang baryabol na pinaghahambing kaya ang resulta nito ay hindi katanggap-tanggap. Ang nabanggit na datos ay nagsasabing may kaibahan ang paraan ng paggamit ng social media ng mga lalaki at babae. Marahil, mas maraming mga lalaki ang gumagamit ng facebook kaysa mga babae at mas maraming mga babaing mahilig sa tiktok kaysa mga lalaki. Maari ring sabihin na marami sa mga babae ang gumamit ng iba't ibang uri ng social media para sa layuning pagkatuto kaysa mga lalaki at mas marami sa mga lalaki ang sadyang mahilig lang sa laro at layuning bigyang-aliw ang sarili ang dahilan ng kadalasang paggamit ng social media kaysa mga babae.

Ang nasabing resulta ay kaugnay sa pag-aaral ni Hossain et al. (2020) sa kanilang Gender Difference of Social Media Sites Usage and Its Effects on Academic Performance among University Students in Bangladesh. Sa pag-aaral na ito ay naipakita na halos lahat ng mga mag-aaral sa nasabing unibersidad ay gumagamit ng social media at ang mga ito ay nakikitaan din ng pagkakaiba ayon sa kanilang pagkakagamit nito. Ayon sa kinalabasan ng nasabing pag-aaral, ang paggamit ng social media ay may negatibo o hindi magandang dulot sa kapwa mag-aaral na lalaki at babae sa kanilang pang-akademikong pagkatuto.

At maging sa ginawang pag-aaral nina Akman at Turhan (2017) sa kanilang Male and Female Differences in the Use of Social Media for Learning Purposes. Ipinakita ditong mahalagang salik ang kamalayan ng wastong paggamit ng social media at maging ang tamang motibo ng kanilang paggamit nito nang sa ganoon ay hindi ito magdudulot ng kapahamakan mula sa makabuluhang pagkatuto sa pag-aaral.

Ipinakikita rin dito ang iba pang dalawang baryabol na pinaghahambing, kasarian at kabutihang naidulot sa paggamit ng social media na may t-value na 0.173 at p-value na 0.862. Batay sa lebel ng halaga ng haypotesis na 0.05, ang resulta ng nasabing datos ay nagpapakita na walang kaibahang napuna ang dalawang baryabol na pinaghahambing kaya ang resulta nito ay katanggap-tanggap. Ang datos ay nagpapatunay na walang kaibahang napuna sa kabutihang naidulot sa paggamit ng social media batay sa kasarian ng mga mag-aaral. Ito ay nagsasaad na kapag ginamit ang social media sa mabuting hangarin, ang kabutihang dulot nito ay kapwa makamtan ng babae man o lalaki.

Pinatutunayan ni Maureen (2018) sa kaniyang Social Media and Study Habits of Secondary School Students in Anambra State, Nigeria. Inilalahad sa pag-aaral na ito ang mga mabubuting naidulot ng paggamit ng iba't ibang social media sa pag-aaral ng kapwa mga kabataang mag-aaral na lalaki at babae.

Ipinakikita naman sa dalawang baryabol na pinaghahambing, kasarian at suliraning natamo sa paggamit ng social media na may t-value na 1.206 at p-value na 0.229. Batay sa lebel ng halaga ng haypotesis na 0.05, ang resulta

ng nasabing datos ay nagpapakita na walang kaibahang napuna ang dalawang baryabol na pinaghahambing kaya ang resulta nito ay katanggap-tanggap. Ang datos ay nagpapatunay na walang kaibahang napuna sa suliraning natamo sa paggamit ng social media batay sa kasarian ng mga mag-aaral. Ito ay nagsasaad na kapag ginamit ang social media sa hindi mabuting hangarin, ang suliraning dulot nito ay kapwa matamo ng babae man o lalaki.

Sa pag-aaral nina Abrenica et al. (2021) sa kanilang Effects of Social Media on Academic Performance of High School Students Under Pandemic (COVID-19) Situation. Napatutunayan sa pag-aaral na ito na mas higit na lantad sa paggamit ng social media ang mga kababaihan kaysa mga lalaki. Ang karaniwang dahilan ng mga babaeng mag-aaral sa paggamit ng social media ay para sa pakikipag-ugnayan sa kapwa o mga kaibigan at pagbabahagi ng kanilang mga personal na buhay. Kabaligtaran naman sa mga lalaki kung saan karamihan sa kanila ay ginagamit ang social media upang mangalap ng mga mahalagang impormasyong kailangan upang manghikayat sa iba tungkol sa mga bagay-bagay sa buhay.

## KONGKLUSYON

Ang mga sumusunod na konklusyon ay nakabatay sa mga datos na nakalap at kinalalabasan ng nasabing pag-aaral:

Naipakita sa kinalalabasan ng pag-aaral na ito na marami ang mga kabutihang dulot sa paggamit ng iba't ibang uri ng social media lalo na sa buhay ng mga kabataang mag-aaral subalit natuklasan pa rin dito na may mga mag-aaral pa rin na nagsasabing paminsan-minsan ay nabago ang kanilang kakayahan sa pag-iisip sa anumang gawaing mayroon sa klase sa pamamagitan ng paggamit ng social media at paminsan-minsan lang din na naipahahayag ang kani-kanilang sariling pananaw o saloobin sa pamamagitan ng pagbabahagi o pag-post nito. Ang pananaw na ito ay parehong nasa pagpapakahulugang katamtaman. Marahil ang mga kabataang ito ay hindi pa masyadong nahumaling sa paggamit ng anumang social media sa kadahilanang wala silang gadget na magagamit at kung minsan ang kanilang mga tirahan ay malayo sa tinatawag nating *internet connection.*

Naipakita rin sa kinalalabasan sa pag-aaral na ito ang mga suliraning natamo ng mga mag-aaral sa kadalasang paggamit ng social media lalo na sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ipinakikitang ilan sa mga mag-aaral na tagatugon sa nasabing pag-aaral ay inuuna ang facebook, Instagram, at iba pang nakasanayang social media kaysa anumang takdang aralin sa Filipino tuwing sila ay nasa bahay lamang at nagsasabing hindi nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagsulat gayundin ang kanilang kritikal na pag-iisip dahil sa mga napupunang mali sa social media. May mga mag-aaral din na paminsan-minsan ay nahuhuli sa mga talakayan sa klase at mga gawaing pasulat dahil naaaliw sila sa paggamit ng nakasanayang social media. Ang mga kasagutang ito ay nabibilang sa paglalarawang paminsan-minsan lamang

at pagpapakahulugang katamtaman. Ang mga mag-aaral na ito marahil ay karaniwang kulang sa pokus at motibasyon sa sarili at sa kanilang pag-aaral. Sila ay tunay na nangangailangan ng gabay mula sa mga magulang at mga guro. Ikintal sa kanilang mga kaisipan ang wastong paggamit ng social media maging ang kabutihang dulot at suliraning matamo sa hindi makabuluhang paggamit nito.

Ang pagkakaroon ng makabuluhang kaugnayan sa kasarian ng mga mag-aaral at ang paraan ng paggamit ng social media at maging ang pagkakaroon din ng makabuluhang kaugnayan sa paraan ng paggamit ng social media at kabutihang dulot nito ay nagpapakita marahil na maraming mga kalalakihan ngayon ang mas madalas gumamit ng social media sa iba't ibang kadahilanan kung ihahambing natin sa mga kababaihan. Ang paggamit ng social media ay nakasalalay sa paraan at motibo ng isang tao sa paggamit nito. Kung ang motibo ng paggamit ng social ay mabuti, ibig sabihin kahit araw-araw kang gumamit nito mabuti rin ang resultang hatid nito sa iyo.

Samantalang, ang pagkakaroon din ng makabuluhang kaugnayan sa paraan ng paggamit ng social media at suliraning natamo at makabuluhang kaugnayan ng kabutihang naidulot ng social media at suliraning natamo sa kadalasang paggamit nito ay nagpapatunay lamang na nakadepende sa isang tao o mag-aaral ang paggamit ng social media. Ito ay nagsasabing ang paggamit ng social media ay totoong nakasalalay sa paraan at motibo ng isang tao sa paggamit nito. Kung ginamit mo ang social media sa mali o hindi kaaya-ayang paraan kaya ganoong resulta rin ang dulot nito sa iyo. Sa mga mag-aaral, maaring kadalasang mahuhuli sa klase o kaya'y mahuhuli sa paggawa sa mga gawain dahil sa pagkahumaling nila sa paggamit ng social media na hindi akma sa kanilang pag-aaral.

## REKOMENDASYON

Ibinigay ang sumusunod na mga rekomendasyon upang matugunan ang mga partikular na puwang *(gap)* sa pananaliksik na ito:

1. Tiyaking ang mga ng guro ay makapagbahagi sa mga mag-aaral sa kanyang kaalaman sa paggamit ng wikang Filipino lalo't higit sa oras ng asignaturang Filipino sa klase. Tiyaking naituro at natutunan pa rin ng mga mag-aaral ang wastong gamit ng wikang Filipino sa gitna ng malawakang paglaganap ng social media na kadalasang ginagamit ng mga kabataang sa kasalukuyan. Ang mga guro ay inaasahan ding magdisenyo ng mga gawaing kaaya-aya sa klase gamit ang wika ng ating bansa na maaaring sa tulong ng gagawing pananaliksik. Ang guro ay maaari ring magtakda ng mga tuntunin sa klase na dapat sundin ng mga mag-aaral, gaya ng pagpapagamit sa kanila ng wikang Filipino sa oras ng asignatura. Sa kabilang banda naman,makatutulong ang pagdalo ng mga guro sa mga seminar-worksyap na ibinibigay ng kagawaran ng edukasyon tungo sa pagtataguyod ng wikang Filipino

upang mas lalong madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa makabagong pamamaraan o estratehiyang pampagtuturo.

2. Ang gawi sa pag-aaral o *study habits* ay pangunahing salik na dapat linangin ng bawat mag-aaral sa sarili upang mas lalong mapaunlad ang kanilang kakayahan sa anumang gawain sa klase. Makatutulong sa kanila ang mga gawaing tulad ng pangkatang pag-aaral, sariling pagtataya (self-evaluate), pagsusuri ng mga babasahin at pag-aaral sa isang kaaya-ayang kapaligiran.
3. Napakalaking hamon din para sa mga magulang ang pagdidisiplina ng kanilang mga anak sa panahon ngayon kung kailan napalilibutan sa mga makabagong bagay ang mga kabataan dulot ng napakabilis na pagbabagong naganap sa mundo. Ang pagiging mabuting mga magulang ay nagsisilbing pinakamalaking hamon sa kanila sa gitna ng mga makabagong karanasan ng mga kabataan araw-araw. Ang ugnayang guro-magulang ay kinakailangan sa puntong ito upang masinsinang masubaybayan ang pag-unlad ng isang mag-aaral sa kanyang pag-aaral. Nakatutulong din ang pagdalo ng mga magulang sa anumang mga programang inilunsad ng paaralan o komunidad (training and seminar) tungkol sa kamalayang social media alang-alang sa kabutihan ng mga kabataang mag-aaral o kaya'y anumang gabay sa pagiging magulang (parenting guidance) upang ang mga kabataan ay lalo pang magabayan lalong-lalo na sa pagbuo ng isang matalinong pagpapasiya sa buhay.
4. Ang tagapangasiwa sa paaralan ay may mahalagang papel ding ginampanan sa paghubog ng mga kabataan tungo sa mabuting kinabukasan. Kailangan ding subaybayan ng tagapangasiwa sa paaralan ang mga gawi't kaugaliang ipinamalas ng mga mag-aaral sa paaralan upang palaging mabigyan ng tamang gabay at agad masolusyunan ang mga kaganapang maaaring mangyari o kaya'y mas maganda kung ito'y agad na maagapan bago pa man ito mangyayari.Nakatutulong sa mga kabataan ang pagpapatupad ng iba't ibang programang kaugnay sa kanilang pagkatuto sa paaralan. Himukin na sila'y makilahok upang lalong malinang ang kanilang kakayahan sa pag-aaral. Bukod dito, sinisikap din ng mga guro at mga tagapangasiwa ng paaralan na gamitin ang kompyuter at iba pang elektronikong kagamitan sa pagtuturo ng mga aralin sa paaralan lalo na sa asignagturang Filipino kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay nananamlay at nababagot sa tuwing oras nito. Dulot din nito'y mas makabago at mabisang paraan ng pagtuturo na akma naman sa lipunang kasalukuyang ginagalawan.
5. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay lalong magpatupad nga mga batas na magdidikta tungkol sa pagkakroon ng limitasyon ng mga masasamang babasahin at panoorin na nakasisira sa kaisipan ng mga kabataang mag-aaral na maging dahilan ng kawalan ng gana at interes sa pag-aaral nang matino. Sa parehong pagkakataon din, nararapat at makatwirang

palakasing lalo ng pamahaan ng Pilipinas ang koneksyon ng internet para sa mas malawak at makabuluhang pangangalap ng mga kaugnay na paksa o gawain sa pag-aaral ng mga kabataang mag-aaral.

6. Sa iba pang mga mananaliksik sa hinaharap, maaaring magsagawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa mga pamamaraan ng paggamit ng social media, kabutihang dulot at maging ang mga suliraning natamo ng kadalasang paggamit nito ng mga kabataang mag-aaral sa hinaharap.

## SANGGUNIANG BANGGIT


Abrenica, J. et al. (2021) Effects of Social Media on Academic Performance of High School Students Under Pandemic (COVID-19) Situation http://bitly.ws/PCA6

Akman, I. at Turhan, C. (2017) Male and Female Differences in the Use of Social Media for Learning Purposes. http://bitly.ws/PBXD

Albay, Jonalyn ( 2017 ) Epekto ng modernisasyon ng wikang filipino sa pag-aaral ng mga Senior High School sa Unibersidad Ng Pangasinan.http://bitly.ws/yEjD

Alnjadat et al. (2019)Gender Variations on Social Media Usage and academic Performance Among Students of University Sharjah. http://bitly.ws/M9bD

Barton et al. (2021) The Effects of Social Media Usage on Attention, Motivation, and Academic Performance. http://bitly.ws/MkAR

Briones, Jewel Irence ( 2017 )Epekto ng Teknolohiya sa Patuloy na Paghubog sa Ugali/ Personalidad ng mga Kabataan Mula sa Senior Hayskul ng Immaculate Conception Academy, Dasmañas. http://bitly.ws/yBVi

Hossain et al. (2020) Gender Difference of Social Media Sites Usage And Its Effects on Academic Performance among University Students in Bangladesh. http://bitly.ws/M9cj

Magalona Ma. Lizel P. et. al.,(2021) Epekto ng Social Media sa Paggamit ng Wika sa Mag-aaral ng Gulod Senior High School. http://bitly.ws/ysKf

Marbella, Felisa D. et al., (2021) Kultura at Wikang Filipino sa Mga Facebook Status Update. http://bitly.ws/y8Tb

Maureen (2018) Social Media and Study Habits of Secondary School Students in Anambra State, Nigeria. http://bitly.ws/M9bP

Oguguo et al. (2020) Influence of Social Media on Students' Academic Achievement, shows frequency of social media usage has influences on students' achievement in Accounting. http://bitly.ws/M9cF

Othman Amin, B. et al.,(2020) The Impact of Social Media in English Language Learning. http://bitly.ws/LSSs

Perea, Thristan Jake (2018 ) Epekto ng Social Media sa Pag-aaral ng Senior High School GAS ng Alfonso National High School . http://bitly.ws/yEkh

Reyes, R.J.V.D. et. al (2018) The Functions of Language in Facebook Posting. http://bitly.ws/LSWN

Worku, Zeleke (2022) Use of Social Media and Writing Skills Tshwane School for Business and Society, 159 Nana Sita Street, Pretoria 0001, South Africa. http://bitly.ws/yCfU